



ABDIAS

Maaaring nagsulat si Abdias pagkatapos ng taong 500 at bago nasakop ang Edom sa taong 312. Puno ng mga sigaw ng paghihiganti ang kanyang mga tula, na sa pinakapuso ng mga ito ay nagpapakita ng pananampalataya niya sa katarungan ng Diyos.

Laban sa Edom

¹ *Ang pangitain ni Abdias. Salita ni Yaweng Panginoon tungkol sa Edom:*

May balita kaming narinig galing kay Yawe, isang tagapagbalita ang ipinadala sa mga bansa: “Tayo na, tayo na laban sa Edom!”

² Pinaliliit kita sa mga bansa, lubha kang hinahamak ngayon.

³ Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso, ikaw na nakatira sa mga guwang sa batuhan, na nananahan sa kaitaasan, at nagsasabi sa sarili:

Sino ang magpapabagsak sa akin sa lupa?

⁴ Pumailanlang ka man tulad ng agila, at magpugad sa mga bituin, pababagsakin pa rin kita mula roon – salita ni Yawe.

⁵ Kung pasukin ka ng mga magnanakaw, mga mangungulimbat sa gabi, di ka kaya malipol?

Di ba’t nanakawin nila sa iyo ang gusto nila?

Kung dumating sa iyo ang mga mamimitas ng ubas,

di ba’t kaunting ubas lamang ang kanilang ititira?

⁶ Sinaid nila ang bayan ni Esau, tinangay lahat ng natatago niyang yaman!

⁷ Itinaboy ka sa mga hangganan ng iyong mga kakampi;

ipinagkanulo ka ng iyong mga kaibigan.

Ang mga nakisalo sa iyong tinapay ang lihim na naglagay ng bitag sa iyo.

⁸ Hindi ko ba wawasakin sa araw na iyon, sabi ni Yawe,

ang matatalino sa Edom,

at ang nakauunawa sa mga bundok ng Esau?

⁹ Mangingilabot ang mga mandirigma mo, Teman,

at papataying lahat ang mga nasa kabundukan ng Esau.

¹⁰ Dahil sa karahasan mo laban kay Jacob na iyong kapatid,

matatadtad ka ng hiya at mawawasak magpakailanman.

¹¹ Nanatili kang nakaabang sa araw na iyon, habang binibihag ng mga dayuhan ang kanyang hukbo,

pinapasok ang kanyang mga pintuan, at pinagpapalabunutan ang Jerusalem.

Isa ka nga rin sa kanila.

¹² Huwag mong matahin ang iyong kapatid sa araw ng kanyang kasawian.

Huwag mong ikatuwa ang pagkakita sa mga anak ni Juda

sa araw ng kanilang pagkawasak,

ni magyabang sa araw ng kanilang kagipitan.

¹³ Huwag kang pumasok sa siyudad ng aking bayan sa araw ng sakuna,

ni matahin sila sa kanilang kasawian sa araw ng kapahamakan,

ni agawin ang kanilang kayamanan sa araw ng kagipitan.

¹⁴ Di ka dapat mag-abang sa mga krus na daan

para patayin ang mga tumatakas sa kanila, ni ipagkanulo ang mga natira sa kanila

sa araw ng kapighatian.

¹⁵ Sapagkat malapit na ang araw ni Yawe laban sa mga bansa.

Kung ano ang ginawa mo,

ito rin ang gagawin sa iyo.

Pagbabayaran mo ang iyong mga ginawa.

¹⁶ Kung paano kayo uminom sa aking banal na bundok, walang tigil ding iinom ang lahat ng bansa; iinom sila nang iinom, at magiging parang hindi pa umiiral.

¹⁷ Ngunit magkakaroon ng mga matitira sa Bundok Sion, - nakatalaga sila sa akin - at babawiin ng bahay ni Jacob ang pamana nito.

¹⁸ At saka magiging apoy ang bahay ni Jacob, lagablab ang bahay ni Jose; magiging dayami naman ang bahay ni Esau, susunugin nila ito at tutupukin at walang matitira sa lahi ni Esau, sapagkat si Yawe ang nagsalita.

¹⁹ Sasakupin ng mga taga-Negeb

ang mga bundok ng Esau, ng mga tagakapatagan ang lupain ng mga Pilisteo. Sasakupin nila ang Efraim at Samaria, at mapapakay-Benjamin ang Galaad.

²⁰ Magmamay-ari sa Kanaan hanggang Sarepta ang mga Israelitang ipinatapon. Ang mga ipinatapon namang taga-Jerusalem na ngayo'y nasa Sefarad ang magmamay-ari sa mga siyudad ng Negeb.

²¹ Aahon na sa Bundok Sion ang mga tagapagligtas upang maghari sa mga bundok ng Esau. - Saka maghahari si Yawe.



Sa kasalukuyan nating panahon, kakaunti lamang ang nagkakamali tungkol sa uri ng aklat na ito at nagtatanong kung nabuhay nga bang talaga si Jonas, at kung tatlong araw nga siya sa tiyan ng isang isda.

Isang kuwento ang libro ni Jonas, pero marapat na ituring na propeta ang sumulat nito dahil maliwanag na nabigyang-diin niya rito ang ilang katotohanan na nalilimutan na ng kanyang mga kasamahan.

Pinupuna ng kawili-wiling salaysay na ito hindi ang mga dumidiyos sa iba o ang mga di makadiyos kundi ang mga relihiyosong Judio mismo na sa pagkakulong sa kanilang nasyonalismo ay madali nilang nalilimutan na ang Diyos ay Diyos ng lahat ng tao.

Pinapunta ni Yawe si Jonas sa Ninive

1 • ¹ Ang salita ni Yawe na dumating kay Jonas na anak ni Amittay: ² “Magpunta ka sa Malaking Siyudad, ang

Ninive, at mangaral laban dito sapagkat umabot na sa akin ang kanyang kasamaan.” ³ Ngunit umalis si Jonas para tumakas pa-Tarsis na malayo kay Yawe.

• **1.1** Ayaw sumunod ni Jonas sa tawag ni Yawe: dahil marahil sa hindi niya nararamdamang responsable siya sa kaligtasan ng kasuklam-suklam na mga Ninivetang iyon. Tulog siya habang sinisikap namang iligtas ng mga mandaragat na mababait na pagano ang barko (gayong hindi ito gawang may

kinalaman sa relihiyon, nakatawag-pansin din ito sa relihiyosong si Jonas). Natutuwa siya sa pag-iisip sa parusang ipapataw ng Diyos sa mga paganong taga-Ninive. Inirereklamo niya ang pagkahabag ni Yawe sa mga taga-Ninive dahil sarili niyang reputasyon ang mapapasama rito.

Bumaba siya sa Joppe, at may nakita siya roong barko na paalis papuntang Tarsis. Nagbayad siya ng pasahe at sumakay papuntang Tarsis para makalayo sa mukha ni Yawe.

⁴Ngunit nagpadala si Yawe ng isang malakas na hangin sa dagat at bumagyo nang napakalakas kayat nanganganib na mawasak ang barko. ⁵Natakot ang mga mandaragat at tumawag ang bawat isa sa kanya-kanyang diyos. At habang itinapon nila sa dagat ang mga kargamento para pagaanin ang barko, nagpunta naman si Jonas sa baba ng barko, at nakatulong nang mahimbing. ⁶Nilapitan siya ng kapitan at sinabi: “Paano mo nagagawang matulog? Bumangon ka at tumawag sa iyong Diyos! Baka alalahanin pa niya tayo at hindi tayo mamatay.”

⁷At nag-usap-usap ang mga mandaragat: “Tayo, magpalabunutan tayo para malaman kung sino ang maygawa ng kapahamakang ito.” Nagpalabunutan nga sila at si Jonas ang nakabunot. ⁸Kaya sinabi nila sa kanya: “Dahil ikaw ang sanhi ng disgrasya naming ito, sabihin mo sa amin kung ano ka at tagasaan ka? Ano ang lupain mo at ang iyong bayan?” ⁹Sinabi niya sa kanila: “Hebreo ako at sumasamba kay Yaweng Diyos ng Langit na siyang maygawa sa dagat at lupa.” ¹⁰Lubha silang natakot at kanilang sinabi: “Ano itong ginawa mo!” Dahil kasasabi lamang niya sa kanila na tumatakas siya kay Yawe.

¹¹Lalong nagngangalit ang dagat, kaya sinabi nila sa kanya: “Ano ang gagawin namin sa iyo para pakalmahin ang dagat?” ¹²Sumagot siya: “Kunin ninyo ako

at ihagis sa dagat, at kakalma ang dagat. Alam kong gawa ko kaya sumapit sa inyo ang malakas na bagyong ito.”

¹³Gayunma’y lubos na sinikap ng mga mandaragat na sumagwan papunta sa pampang pero hindi nila magawa pagkat lalo pang nagngalit ang dagat kaysa dati. ¹⁴Kaya tumawag sila kay Yawe at sinabi sa kanya: “O Yawe, huwag mo sana kaming hayaang mamatay dahil sa taong ito, ni ituring na kasalanan namin ang pagkamatay niya, sapagkat ginagawa mo ang lahat, Yawe, ayon sa iyong kagustuhan.”

¹⁵At kinuha nila si Jonas at inihagis sa dagat, at kumalma ang nagngangalit na dagat. ¹⁶Lubhang natakot ang mga tao kay Yawe at buong-pitagang nag-alay sa kanya at gumawa ng mga panata.

Si Jonas sa tiyan ng isda

2 ¹Itinalaga naman ni Yawe na lunukin si Jonas ng isang malaking isda. At tatlong araw at tatlong gabi si Jonas sa tiyan ng isda.

²Mula sa tiyan ng isda, nanalangin si Jonas kay Yaweng kanyang Diyos.

Sinabi niya:

“Tumawag ako kay Yawe sa aking kagipitan at sumagot siya sa akin; sumigaw ako mula sa lugar ng mga patay at dininig mo ang aking tinig.

³Inihagis mo ako sa kailalim-ilaliman, sa pinakapusod ng dagat, at nag-alimpuyo sa akin ang agos, tinabunan ng lahat mong alon at ipuipo.

⁵Kaya sinabi ko: Pinalayas ako sa iyong harapan,

kaya hindi ko na makikita pa ang banal mong Templo.

⁶Sinakmal ako ng mga tubig hanggang leeg, nilamon ng kalaliman, balot ng mga damong-dagat ang aking ulo.

Pinapatnubayan ng Diyos ang mundo ayon sa mas malawak at mapagbigay na pananaw. Dahil siya ang maylikha sa lahat, nararamdaman niyang responsable siya para sa lahat, at gusto niyang iligtas *ang mga tao at mga hayop* (4:11) nang hindi tinitingnan ang lahi o relihiyon. Ngunit kumakatawan naman si Jonas sa mga sumasampalataya na kahit na nakakakilala sa Diyos ay nananatili pa ring makitid ang diwa, may masamang kalooban at binabaligtad ang mabuting ginagawa ng mga taong walang relihiyon dahil

natatakot sila na baka gumawa ng paghahambing ang mga tao, na di-maganda para sa mga Kristiyano.

Alam na alam ng mga Judio ang propetikong salaysay na ito. Dalawang beses itong binabanggit ni Jesus sa Ebanghelyo:

– Ang pagbabalik-loob ng mga taga-Ninive (Lc 11:30).

– Ang paghahambing sa tatlong araw na inilagi ni Jonas sa tiyan ng isda (Mt 12:40).

⁷ Lumubog ako sa pinakaugat ng mga bundok,

isinara sa likod ko ang mga trangka ng lupa magpakailanman.

Ngunit iniahon mo akong buhay mula sa hukay,

O Yaweng aking Diyos!

⁸ Nang nanlulupaypay na ang aking kaluluwa,

inalala mo ako, Yawe at umabot sa iyo ang aking dalangin, sa iyong banal na templo.

⁹ Lumalayo sa bukal ng biyaya

ang mga kumakapit sa mga diyus-diyusan.

¹⁰ Ngunit sa saliw ng awit ng pasasalamat, mag-aalay ako sa iyo at tutuparin ang aking mga panata.

Kay Yawe nagmumula ang kaligtasan.”

¹¹ At inutusan ni Yawe ang isda, at iniluwa nito si Jonas sa pampang.

Ang pagbabagong-buhay ng Ninive

3 ¹ Pangalawang beses na dumating kay Jonas ang salita ni Yawe: ² “Pumunta ka sa Malaking Siyudad, ang Ninive, at ipahayag doon ang mensaheng ibinibigay ko sa iyo.” ³ Umalis si Jonas at pumunta sa Ninive gaya ng iniutos sa kanya ni Yawe.

Napakalaking siyudad ang Ninive, at tatlong araw ang kailangan para lakarin ito. ⁴ Kaya pumasok si Jonas sa siyudad at maghapon ng naglakad at sinimulang ipangaral: “Wawasakin ang Ninive sa loob ng apatnapung araw.”

⁵ Naniwala sa Diyos ang mga taga-Ninive, at nagdeklara ng pag-aayuno at nagdamit-sako silang lahat mula sa pinakadakila hanggang sa pinakaaba.

⁶ Umabot ang balita sa hari ng Ninive, at tumindig siya mula sa kanyang trono, hinubad ang damit pangmaharlika at nagsuot ng sako at naupo sa abo. ⁷ At nagpalabas siya ng isang proklamasyon sa buong Ninive: “Sa utos ng hari at ng kanyang mga opisyal, walang tao o hayop, tupahan o bakahan, na titikim ng anuman, ni kakain o iinom. ⁸ Ngunit nagsuot ng sako ang mga tao at mga hayop. Matiyagang tumawag ang lahat sa Diyos,

lumayo sa masasama nilang gawi at karahasan. ⁹ Sino ang may alam? Baka maglubag pa ang Diyos at talikuran ang nag-aapoy niyang galit sa pagkahabag sa atin at di tayo malipol.”

¹⁰ Nang makita ng Diyos ang kanilang ginawa at ang pagtalikod nila sa masasama nilang gawi, nagbago siya at ayaw na niyang isagawa ang kanyang banta.

Mahal ng Diyos ang lahat

4 ¹ Ngunit labis itong ikinainis at ikinagalit ni Jonas. ² Nanalangin siya kay Yawe: “O Yawe, di ba’t ito ang sinabi ko nang ako ay nasa amin pa? Kaya nga ba ako agad tumakas pa-Tarsis. Kabisado kong ikaw ay Diyos na maawain at may magandang-loob, banayad sa pagkagalit at puno ng kabutihan, laging handang magpatawad.

³ O Yawe, kunin mo na ngayon ang aking buhay. Mas gusto ko pang mamatay kaysa mabuhay.”

⁴ Sumagot si Yawe: “Jonas, may karapatan ka ba para magalit nang ganito?”

⁵ Pero lumabas ng Ninive si Jonas at tumigil sa isang lugar sa gawing silangan ng siyudad. Gumawa siya roon ng masisilungan at naupo sa lilim nito, at naghintay para makita ang mangyayari sa siyudad.

⁶ Nagpasibol naman si Yaweng Diyos ng isang halaman at pinatubo ito para magbigay-lilim sa ulo ni Jonas. Kaya naglubag ang galit nito. At labis na ikinatuwa ni Jonas ang halaman.

⁷ Ngunit sa pagbubukanliwayway kina-bukasan, nagpadala si Yawe ng isang uod na sumira sa halaman at nalanta ito. ⁸ Pag-sikat ng araw, pinaihip ni Yawe ang mainit na hanging-silangan.

Nakapapaso ang init ng araw sa ulo ni Jonas kayat nanlupaypay siya. Gusto na niyang mamatay at sinabi niya: “Mabuti pa’ng mamatay kaysa mabuhay.”


⁹ Ngunit sinabi naman ng Diyos kay Jonas: “May karapatan ka bang magalit

dahil sa halamang ito?” Sumagot si Jonas: “Oo, at sapat na ang galit ko para naising mamatay.”

¹⁰ Sumagot si Yawe: “Naliligalig ka dahil sa isang halaman na di mo naman pinagpaguran o pinatubo. Sumibol ito sa loob ng isang magdamag at namatay sa

loob ng isang magdamag din.

¹¹ Ngunit may higit sa sandaa’t dala-wampung libong tao ang Ninive at hindi nila mapag-iba ang kanilang kanan sa kaliwa, at marami ring hayop. Hindi ba ako magmamalasakit sa malaking siyudad na ito?”



Kapanahon ni Isaias si Mikeas. Nagsalita siya tungkol sa parehong mga sitwasyon, pero madali pa ring paghambingin ang dalawa: tagabukid si Mikeas at may pinag-aralan naman at kilala si Isaias.

Taga-Moreset si Mikeas, isang nayon sa may hangganan ng kapatagan na dinaraan ng lahat ng hukbo ng Asiria at Ehipto. Alam niya ang mga paghihirap at mga pagkawasak na hatid ng digmaan, pati ang pagsasamantala sa mga magbubukid. Isang araw, tinawag siya ng Diyos at binigyan ng *lakas, katarungan at tapang* para simulang ilantad at tuligsain ang mga kasalanan ng Israel. Nagsalita siya sa ngalan ng Diyos na walang sinumang nagmamahal, at buong dahas na inilantad at binatikos ang ginagawang mga pang-aapi sa lahat ng lugar.

Ilan sa mga salitang sinabi ni Mikeas para sa Israel na nalalapit na ang pagkawasak, ang binago paglipas ng ilang panahon para iayon sa kalagayan ng Jerusalem at ng kaharian ng Juda nang ang mga ito ay nahaharap din sa katulad na krisis.

1 ¹Ito ang salita ni Yawe na dumating kay Mikeas ng Moreset sa panahon ng paghahari nina Yotam, Ahaz at Ezekias sa Juda – sa mga pangitain tungkol sa Samaria at Jerusalem.

Laban sa Samaria at Jerusalem

• ² Makinig ang lahat ng bayan, makinig ang lupa at lahat ng naroon. Sumaksi nawa si Yaweng Panginoon laban sa inyo mula sa kanyang banal na templo.

• **1.2** Iliwan na ni Yawe ang Templo ng Jerusalem na kinaroroonan niya; tagung-tago kayat nakalimutan na siya ng lahat.

^{1:5}: Ang unang kasalanan ng mga kaharian ng Israel at Juda ay nasa mga kapitolyo nila. Ang mga ito ang mga siyudad na lumamon sa mga bayan. Naroon ang

³ Dumarating nga si Yawe mula sa kanyang lugar, nananaog siya at nilalakad ang mga kaitaasan ng lupa.

⁴ Sa kanyang paana’y natutunaw ang mga bundok at nabibiyak ang mga lambak, parang kandila sa apoy, parang tubig na umaagos sa libis.

⁵ Dahil sa pagkakasala ni Jacob ang lahat ng ito, dahil sa kasalanan ng bayang Israel. Ano ang pagkakasala ni Jacob? Hindi ba ang Sama-

mga nabubuhay sa pagsasamantala sa magbubukid at doon ginagawang maluluhong mga palasyo ng ilan ang mga yaman ng lupa.

Sapat nang tingnan natin ngayon ang mga kapitolyo ng ilang bansa para patunayan ang sinasabi ni Mikeas: ang yaman ng bayan ay inaaksaya lamang at inuubos

ria? Ano ang kasalanan ng Juda? Hindi ba ang Jerusalem?

⁶Kaya gagawin kong buntong guho ang Samaria, isang lugar para taniman ng ubas. Pagugulungin ang kanyang mga bato pababa sa lambak at ilalantad ang kanyang mga pundasyon.

⁷Dudurugin ang kanyang mga estatwa at sisilaban ang karumal-dumal niyang mga diyus-diyusan. Itatambak kong basura ang lahat niyang diyus-diyusan pagkat sa kita ng mga babaeng bayaran iyon nayari; at sa upa sa mga babaeng bayaran iyon mauuwi.

⁸Kaya iiyak ako at tatangis, maglalakad na yapak at hubad. Aalulong akong parang asong-gubat at mananagho na parang kuwago. ⁹Sapagkat di na gagaling ang kanyang sugat; nakarating ito hanggang Juda, hanggang Jerusalem na kabisera ng aking bayan.

¹⁰Huwag itong ibalita sa Gat o manangis sa Aco. Magpagulung-gulong sa alikabok sa Betlefra. ¹¹Taga-Safir, tugtugin ang trumpeta, at huwag palisanin ang taga-Sanan. Magluksa, Bet Ezel: nawalan ka ng mga kayamanan.

¹²Manginginig nga ang taga-Marot kapag pinarating ni Yawe ang kapahamakan sa mga pintuan ng Jerusalem.

¹³Isingkaw ang mga kabayo sa karwahe, ikaw na taga-Lakis. Sa iyo natagpuan ang paghihimagsik at ikaw ang simula ng pagkakasala ng Dalagang Sion. ¹⁴Kaya magpipiyansa ka sa Moreset-Gat. Mandaraya sa mga hari ng Israel ang Bet Aksib.

¹⁵Muli kong ipadadala ang manlulupig sa iyo, taga-Maresa, at pupunta sa Adulam ang kaluwalhatian ng Israel.

¹⁶Ahitin ang iyong buhok dahil sa mga anak mong iyong ikinalulugod, magpakalbong parang buwitre sapagkat sila'y itinapon.

Laban sa mayayaman

2 • ¹Kawawa ang mga nagbabalak ng katampalasanan, ang mga nagpaplano ng kasamaan sa kanilang higaan! Kinaumagaha'y ginagawa nila iyon pag-sapit ng pagkakataon.

sa mga bagay na walang saysay gaya ng mga diyus-diyusan at pagbibili ng sarili ng panahong iyon.

Sa 1:8, *yapak at hubad*, liban sa sako na tanging suot ng mga bihag (tingnan ang Isaias 20).

Sa 1:10, ibinabalita ni Mikeas ang isang bagong pagsalakay, at inilalarawan ito sa paglalaro sa mga pangalan ng iba't ibang yugto sa daan.

• **2.1** Tinutuligsa niya ang mga mapagsasamantala na laging may legal na mga paraan para agawan ang

²Pag pinagnasahan nila ang mga bukid, kinakamkam ang mga iyon. Gusto ba nila ng bahay? Kinukuha nila iyon. Sina-samsam nila ang may-ari at ang kanyang sambahayan, ang tao at ang kanyang ari-arian.

³Kaya nagsasalita si Yawe: “May binalak akong masama laban sa mga taong ito, at walang leeg na maliligtas. Hindi na kayo makalalakad pang taas-noo pagkat magiging panahon ito ng kapahamakan.”

⁴Magiging isang halimbawa kayo sa araw na iyon at pagtatawanan sa punbeng ito: “Inagawan kami ng ari-arian sa sarili naming lupa. Sino'ng magpapalayas sa tampalasang namahagi ng aming mga lupain?”

⁵Wala ngang makukuhang sinuman sa Kapulungan ni Yawe na mag-iingat ng lupa para sa inyo. ⁶Ano'ng sasabihin ninyo tungkol dito? Sapagkat walang sagot. Hindi lilipas ang kahihayan; ⁷hampasin ng salitang ito ang bansa ni Jacob.

Sinasabi nila: “Nanghina ba ang lakas ni Yawe? Ganito ba ang paraan niya? Wala ba siyang masasabing mabuti para sa kanyang bayang Israel?”

⁸Ngunit kayo ang mga kaaway ng aking bayan. Hinuhubaran ninyo na parang nasa digmaan ang mga panatag na nagdaraan, ⁹pinalalayas ninyo ang kababaihan ng aking bayan sa mga tahanan minamahal nila, ninanakaw ninyo sa kanilang mga anak ang walang hanggan kong pagpapala.

¹⁰Pakinggan ito ngayon: Tumindig kayo! Lumakad! Pagkat tapos na ang pahinga para sa inyo. Dahil sa inyong

maliliit at mahihina. Alalahanin natin na may kalipunan na ng mga batas ang Biblia, na mas una pa sa alinmang bayan, para ipagtanggol ang karapatan at buhay ng mga dukha, biyuda at iba pa. Tingnan ang Dt 23:16.

Ang lahat siyempre ay nagagalit sa propeta na gumugulo sa namamayaning pang-aapi.

Malamang na hindi kay Mikeas ang mga bersong 12-13 kundi saka na lamang idinagdag (tingnan ang Ez 34).

mga kasalanan, lalakad kayong nakagapos.

¹¹Kung may dumating na mandaraya at magsabing: “Alak at serbesa ang ipangangaral ko sa inyo,” siya ang magiging propeta para sa bayang ito.

Pang-aliw na salita

¹²Titipunin ko kayo, bayan ng Jacob, at lilikumin ang nalabi sa Israel. Sama-sama ko silang titipunin gaya ng tupa sa kural, tulad ng isang kawan sa pastulan. ¹³May mangunguna sa kanila. Hayan: pinangungunahan sila ng kanilang hari. Nangunguna si Yawe sa kanila!

Inaapi ng mga pinuno at mga propeta ang bayan

3 • ¹Sinabi ko: Makinig kayo, mga pinuno ng Jacob, mga namumuno sa sambahayan ng Israel, hindi ba tungkulin ninyong alamin ang matuwid? ²Ngunit kinamumuhian ninyo ang mabuti at minamahal ang masama.

Tinatalupan ninyo nang buhay ang aking bayan at inaalisang laman ang kanilang mga buto. ³Kinakain ninyo ang laman ng aking bayan at dinudurog ang kanilang mga buto, tinatadtad silang parang karneng lulutuin at gaya ng ulam sa palayok.

⁴Sa kanilang pagsigaw, hindi sasagot si Yawe; itatago niya ang kanyang mukha dahil sa masasama nilang gawa.

⁵Ito ang sinasabi ni Yawe laban sa mga propetang nagligaw sa aking bayan: Ang hula ninyo’y “Kapayapaan” kapag kayo’y may nakakain, pero sa sinumang walang

maisubo sa inyo, “Digmaan” ang inyong hula.

⁶Kaya daratnan kayo ng gabing walang pangitain at ng karimlang walang panghuhula. Lulubugan ng araw ang mga propeta at magiging madilim ang araw para sa kanila.

⁷Mapapahiya ang mga manghuhula. Magtatakip sila ng mukha sapagkat walang sagot mula sa Diyos. ⁸Ngunit puspos naman ako ng lakas, ng espiritu ni Yawe, ng katarungan at tapang, upang ipahayag sa Jacob ang kanyang pagsuway, sa Israel ang kanyang pagkakasala.

⁹Pakinggan ito, mga pinuno ng bayan ng Jacob, mga namumuno sa sambahayan ng Israel, kayong humahamak sa katarungan at bumabaluktot sa matuwid, ¹⁰kayong nagtatayo ng Sion sa dugo at ng Jerusalem sa kasamaan. ¹¹Tumatanggap ng lagay ang kanyang mga pinuno sa paghatol, nagpapabayad ang kanyang mga pari sa pagpapasya, at naniningil ang kanyang mga propeta sa panghuhula. Ngunit nananangan sila kay Yawe at nagsasabing: “Hindi ba’t nasa piling namin si Yawe? Kaya walang kapahamakang sasapit sa amin.”

¹²Kaya dahil sa iyo’y aararuhing parang bukid ang Sion, at magiging sambuntong guho ang Jerusalem at isang gubat na may mga bato ang bundok ng Templo.

4 • ¹Sa mga huling araw, ang Bundok ng Bahay ni Yawe ay ipapatong sa mga bun-

• **3.1** Binabatikos niya ang may mas higit na pananagutan: ang mga nasa kapangyarihan sa bayan at sa relihiyon.

May mga propeta sa lahat ng dako; naging mga propeta sila gaya ng paghirang sa sinuman sa anumang tungkulin. Tumatanggap sila ng mga personal na pagkonsulta hinggil sa hinaharap at suwerte. Pero wala sa paglalabas sa gipit sa mga taong nagbabayad para sa kanyang karunungan (o panlilinlang) ang tunay na papel ng propeta, kundi nasa paglalantad at pagbatikos sa masama.

Muling inaakusahan ng talata 9-11 ang mga pinuno at mga tauhan sa gobyerno na pakiramdam ay ligtas sa paghihirap at kapahamakang sumasalanta sa bayan. Ang matagal nang pagtitiwala sa Jerusalem na siyudad

na pinangangalagaan ni Yawe ang nagtataguyod sa kanilang huwad na kapanatagan: kaya mawawasak ang Jerusalem. At walumpung taon pagkalipas ng sumpang ito, hindi pa rin ito malilimutan ng mga kasamahan ni Jeremias (Jer 26:18).

• **4.1** *Matutunghayan natin dito ang isang pahayag na kagaya ng nasa Isaias 2:2. Ibinabalita ng talata 9-10 ang Pagkatapon. Kaiba naman ang teksto 11-13 na mas katulad ng mga tula ni Isaias tungkol sa Sion na walang pagkalupig (tingnan ang Is 29:1 at 31:4).*

Isinasaad sa talata 6-7 ang katiyakan at kapanatagan ng bayan ng Diyos sa gitna ng masasamang puwersa sa daigdig.

dok upang ito ang maging pinakamataas sa lahat. ²Paroroon ang lahat ng bansa at magsasabing: “Tayo na, umahon tayo sa bundok ni Yawe, sa bahay ng Diyos ni Jacob. Ituturo niya sa atin ang kanyang mga daan upang makalakad tayo sa kanyang mga landas. Pagkat sa Sion nanggagaling ang Aral at sa Jerusalem ang salita ni Yawe.”

³Huhukuman niya ang mga bansa at isasabayos ang mga bayan. Papandayin nila’t gagawing asarol ang kanilang mga tabak, at karit ang kanilang mga sibat. Wala nang bansang magtataas ng tabak laban sa kapwa-bansa. Wala na ring magsasanay pa para sa digmaan. ⁴Ngunit bawat isa’y malayang mauupo nang panatag sa lilim ng sarili niyang punong igos o ubas – pagkat ito ang sabi ni Yawe ng mga Hukbo.

⁵Habang lumalakad ang mga bayan sa ngalan ng kanilang mga diyos, lalakad naman tayo sa ngalan ni Yaweng ating Diyos magpakailanman.

⁶Ipinahahayag ni Yawe: “Titipunin ko sa araw na iyon ang mga pilay at lilikumin ang mga itinapon, ang mga pinapagdusa ko. ⁷Gagawin kong nalabi ang mga pilay, isang malakas na bansa ang mga itinaboy. Si Yawe ang maghahari sa kanila sa Bundok Sion magpakailanman.

⁸Tungkol naman sa iyo, O toreng bantayan ng kawan, O kuta ng Sion, siyudad ng hari, ibabalik ang dati mong kaharian, ang paghahari ng dalagang Jerusalem.

⁹Bakit ka nananaghoy ngayon? Dahil ba sa wala kang hari at nalipol ang iyong tagapayo? Bakit ka dumaraing sa sakit gaya ng isang babaeng nanganganak? ¹⁰Mamilipit sa sakit at dumaing, O Dalagang Sion, tulad ng isang babaeng nanganganak, pagkat aalis ka ngayon sa siyudad at sa parang titira. Pupunta ka sa Babilonia; doon ka maliligtas, sasagipin ka ni Yawe sa kamay ng iyong mga kaaway.

¹¹Ngunit nagkakatipon ngayon ang maraming bansa laban sa iyo; sinasabi nilang: “Lapastanganin ang Jerusalem, papagnasain ang ating mga mata sa Sion.” ¹²Ngunit hindi nila alam ang iniisip ni Yawe, o nauunawaan ang kanyang balak: na sila’y inipon niyang parang mga uhay sa giikan.

¹³Bumangon ka at gumiik, O Dalagang Sion,

pagkat bibigyan kita ng mga sungay na bakal at mga tansong kuko sa paa, at dudurugin mo ang maraming bayan. Itatalaga mo kay Yawe ang kanilang mga sinamsam, sa Panginoon ng sangkalupaan ang kanilang mga kayamanan.

¹⁴Patatagin ang mga pader ng iyong kuta, pagkat sinasalakay nila tayo. Gusto nilang hampasin ng pamalong bakal ang pisngi ng namumuno sa Israel.

Ngunit ikaw, Betlehem Efrata

5 • ¹Ngunit kahit na pinakamaliit ka, Betlehem Efrata, sa mga angkan ng Juda, mula sa iyo ko ibabangon ang siyang mamumuno sa Israel. Manggagaling siya sa dati, sa kauna-unahang panahon.

²Kayats iiwan ni Yawe ang Israel hanggang makapanganak ang manganganak. At babalik sa bayang Israel ang nalabi sa kanyang mga kapatid.

³Titindig siya upang magpastol sa lakas ni Yawe, sa dakilang Pangalan ni Yaweng kanyang Diyos. Panatag na sila habang natatanyag siya hanggang sa mga dulo ng lupa. ⁴At siya ang magiging Kapayapaan.

Kapag sinalakay ng mga Asirio ang ating lupain

at tumapak sa ating teritoryo,
ang pitong pastol ang ihaharap natin laban sa kanila,

walong pinuno ng mga tao.

⁵Paghaharian nila sa tabak ang Asiria at sa patalim ang lupaing Nimrod.

Palalayain nila tayo sa mga Asirio pagsalakay nila sa ating lupain,
pagtapak nila sa ating mga hangganan.

⁶At sa piling ng maraming bansa,
matutulad sa hamog na galing kay Yawe ang nalabi ng Jacob,

na tulad ng ambong pumapatak sa damo.
Pagkat hindi na sa tao sila mananalig,
o magtitiwala sa taong may kamatayan.

⁷Kaya sa piling ng maraming bayan,
matutulad sa leon sa mga hayop sa gubat
ang nalabi ng Jacob,

• **5.1** *Ngunit... Betlehem Efrata, mula sa iyo ko ibabangon ang siyang mamumuno sa Israel.* Ibig sabihin’y sa angkan ni David magmumula ang Mesiyas, na sa Betlehem nakaugat. Hindi malinaw kung dapat ba siyang ipanganak sa Betlehem kahit na parang pinag-iiba ni Mikeas ang mapayapang haring ito na ipinanganak sa

isang bayan sa probinsiya at ang mga haring walang silbi na nasa kapitolyo. Pero nang sumunod na panahon, naintindihan ito ng marami na sa Betlehem dapat ipanganak ang Mesiyas: tingnan ang Jn 7:42. Ipinapakita ng ebanghelyo ni Mateo kung paano nagkatotoo ang propesiyang ito sa kapanganakan ni Jesus (Mt 2:6).

na tulad ng batang leon sa kawan ng mga tupa, at walang makapagligtas sa nilalapa't niluluray.

⁸Durugin mo ang iyong mga kalaban at malilipol ang iyong mga kaaway.

⁹Sa araw na iyon – sabi ni Yawe – itataboy ko ang iyong mga kabayo, sisirain ko ang iyong mga karwahe.

¹⁰Wawasakin ko ang iyong mga lungsod at gigibain ang iyong mga tanggulan.

¹¹Palalayasin ko ang iyong mga mangkukulam,

at di ka na manghuhula,

¹²aalisin ko ang iyong nililok na mga imahen, ang mga sagradong bato sa piling mo, upang huwag mo nang sambahin ang ginawa ng kamay mo.

¹³Itutumba ko ang mga sagrado mong haligi at dudurugin ang lahat mong diyus-diyusan.

¹⁴Nag-aapoy sa galit na maghihiganti ako sa mga bansang sumuway sa akin.

O bayan ko, ano ba'ng ginawa ko sa iyo?

6 • ¹Pakinggan ang sinabi sa akin ni Yawe: “Tumindig ka, iharap mo sa mga bundok ang iyong usapin at sa mga burol ang iyong katwiran.”

²Dinggin, mga bundok, ang sumbat ni Yawe! Makinig, mga pundasyon ng lupa! Pagkat may usapin si Yawe laban sa kanyang bayan, at isinasakdal niya ang Israel.

³“Bayan ko, ano'ng ginawa ko sa iyo? Paano ako naging pabigat sa iyo? Sagutin mo ako.

⁴Inilabas kita mula sa Ehipto, tinubos sa lupain ng pagkaalipin; ipinadala ko sina Moises, Aaron at Miriam upang manguna sa iyo.

⁵O bayan ko, alalahanin ang plano ni Balak na hari ng Moab, at ang sagot sa kanya ni Balaam na anak ni Beor. Alalahanin ang iyong paglalakbay mula Sitim hanggang Gilgal upang makilala mo ang mga daang matuwid ni Yawe.”

⁶“Ano'ng dadalhin ko pagpunta kay Yawe at pagyuko sa Kataas-taasan? Magdadala ba ako ng mga sinunog na handog, ng mga guya? ⁷Masisiyahan ba si Yawe sa libu-libong lalaking tupa, sa nag-uumapaw na mga handog na langis? laalay ko ba ang aking panganay para sa aking pagkakasala, ang bunga ng aking katawan para sa aking pagkakamali?”

⁸“Tao, nasabi na sa iyo kung ano ang mabuti at kung ano ang gusto ni Yawe: maging makatarungan, maawain, at pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos.

⁹Tumatawag sa lunsod ang tinig ni Yawe; ililigtas nga niya ang may pitagan sa kanyang Pangalan.

¹⁰May kayamanan kayong kinamal sa masamang paraan at may kulang na takalang isinumpa. ¹¹Tatanggapin ko ba ang gumagamit ng madadayang timbangan at may mga huwad na pabigat sa kanyang bulsa?

¹²O lunsod ng mayayamang puno ng karaan, ng mga taong sinungaling at mga dilang mapanlinlang! ¹³Masdan, hinahampas kita nang matindi, winawasak kita dahil sa iyong mga kasalanan. ¹⁴Kakain ka pero hindi mabusog, at patuloy na kakalam ang sikmura mo.

Mag-iipon ka ngunit wala kang maililigtas, at ibibigay ko naman sa tabak ang iniligtas mo. ¹⁵Magtatanim ka ngunit hindi mag-aani. Pipigain mo ang mga olibo ngunit hindi mo maipapahid sa sarili ang langis. Pipisain mo ang mga ubas ngunit hindi mo maiinom ang alak.

• **6.1** *Bayan ko, ano'ng ginawa ko sa iyo? Paano ako naging pabigat sa iyo?* Nakikipagtaló si Yawe sa kanyang bayan. Ito ang pag-ibig ng Diyos sa harap ng pagwawalang-halaga ng kanyang bayan.

Hindi na alam ng mga Judío ang gusto ng Diyos. Kung sila man ay nagigipit o nahihilig sa relihiyon, mga mamahaling bagay ang kanilang iniisip: mga handog, mga hain at kahit na ang pag-aalay ng kanilang mga anak ayon sa kaugalian ng mga pagano.

Maging makatarungan, maawain at pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos. Maikli at maliwanag ang sagot ng Diyos:

– Maging makatarungan, na siyang sinasabi ni Amos.

– Maging maawain, na mensahe naman ni Oseas (2:21).

– Pakumbabang lumakad kasama ng iyong Diyos, na binibigyang-buod ni Isaias.

Nagtatapos ang aklat sa mga tula ng pag-asa na saka na lamang idinagdag sa panahon ng Pagkatapon. Katulad ng Habakuk ang katapusan (7:7): alam ng matuwid na habang naghahari ang kasamaan, kailangang umasa siya sa katarungan ng Diyos.

¹⁶Sinusunod mo ang mga utos ni Omri at lahat ng mga gawain sa sambahayan ni Ahab. Kaya wawasakin kita para kutyain ang mga mamamayan mo at hamakin ng mga bansa.

7 ¹Lubha akong nalulungkot! Pagkat para akong namimitas ng bunga sa tag-araw, parang namumulot sa ubasan; wala namang makaing ubas, walang mga unang bunga ng igos na gustung-gusto ko.

²Naglaho sa lupa ang mga makadiyos, at wala isa mang matuwid na taong matagpuan. Lahat ay nag-aabang na magpadanak ng dugo, nag-uumang ng bitag sa kanyang kapatid. ³Sanay ang kanilang mga kamay sa paggawa ng masama. Nanghihingi ng regalo ang pinuno, tumatanggap ng lagay ang hukom, at naipapasya ng makapangyarihan ang anumang gustuhin. ⁴Parang dawag ang kanilang kabutihang-loob, masahol pa sa tinikan ang kanilang katarungan.

Ngunit dumating na ang panahon ng pagpaparusa ayon sa ipinahayag ng iyong mga bantay, at ngayon ang panahon ng pagkalito.

⁵Huwag maniwala sa kasamahan ni magtiwala sa kaibigan. Mag-ingat sa pakikipag-usap sa babaeng kasiping sa higaan. ⁶Pagkat nanloloko sa ama ang anak na lalaki, nagrerebelde sa ina ang anak na babae at sa biyenang babae ang manugang na babae. Kaaway ng bawat isa ang kanyang mga kasambahay.

⁷Ako nama'y umaasang maghihintay kay Yawe, sa Diyos na nagliligtas sa akin. Diringgin ako ng aking Diyos.

Tula ng pagkatapon - Babangon ang Jerusalem

⁸Huwag mo akong pagtawanan, kaaway ko. Mabuwal man ako, muli akong babangon. Nasa karimlan man ako ngayon, si Yawe ang aking liwanag.

⁹Titiisin ko ang galit ni Yawe pagkat nagkasala ako sa kanya ngunit susuriin niya ang

aking usapin at ipagtatanggol ang aking mga karapatan. Dadalhin niya ako sa liwanag at madarama ko ang kanyang katarungan.

¹⁰Makakikita rin ang aking kaaway, at mababalot siya ng kahihyan. Di ba't sinabi ng babaeng ito: "Nasaan si Yaweng Diyos mo?" Malilibang ang aking mata sa pagkakitang niyurakan siyang parang putik sa lansangan.

¹¹Dumarating ang araw na itatayong muli ang iyong mga pader at palalawakin ang iyong mga hanggahan. ¹²Sa araw na iyon, pupuntahan ka ng mga tao mula sa Asiria hanggang Ehipto, mula Tiro hanggang sa Ilog, mula sa magkabilang dagat at mula sa bundok hanggang sa kabilang bundok. ¹³At matitiwangwang naman ang lupa dahil sa mga tagaroon at sa kanilang mga gawa.

¹⁴Ipastol mo ang iyong bayan na hawak ang iyong tungkod, ang iyong kawang tulad ng nag-iisang palumpong sa mayamang pastulan. Manginain sila sa Basan at Galaad gaya noong una. ¹⁵Ipakita sa amin ang kahanga-hanga mong gawa nang ilabas mo kami mula sa Ehipto.

¹⁶Mapapahiya ang mga bansa pagkakita nito sa kabila ng kanilang kapangyarihan. Matatahimik sila at hindi makapaniwala sa balita.

¹⁷Hihimurin nila ang alikabok gaya ng ahas, tulad ng gumagapang sa lupa. Lalabas silang nanginginig mula sa kanilang mga tanggulan sa laki ng takot sa iyo.

¹⁸Sino ang diyos na tulad mo, na nag-aalis ng pagkakasala at nagpapatawad ng kasalanan ng nalabi sa kanyang pamana? Hindi nga nagtagal ang iyong galit at kinalulugdan mo ang pagkahabag.

¹⁹Minsan ka pang mahabag sa amin at yurakan ang aming mga pagkukulang at ihagis sa kailaliman ng dagat ang lahat naming pagkakasala.

²⁰Ipakita sa amin ang iyong katapatan kay Jacob, ang iyong awa kay Abraham, gaya ng isinumpa mo sa aming mga ninuno noon pang una.



Nagpropesiya si Nahum habang pabagsak na ang kapangyarihang Asirio, sa pagkamatay ni Asurbanipal na pinakahuling hari nila sa taong 626. Sa taong 612 naman, nilusob ng magkakamping mga Babilonio at mga Medo ang Ninive na kapitolyo ng mga Asirio, at winasak iyon. Pero bago pa man ito nangyari, unti-unti nang nawawala ang paghahari ng mga Asirio sa mga bayang kanilang inalipin at may matinding galit sa kanila. Kasama sa mga bayang ito ang mga Judio. Masasalamin sa mga tula ni Nahum ang puso ng isang makabayan na naniniwalang ang Panginoon ang namamahala sa kasaysayan ng mga bayan.

1 • ¹ Propesiya laban sa Ninive. Ito ang aklat ng pangitain ni Nahum na anak ni Elkos.

² Si Yawe ay Diyos na seloso at mapaghiganti.

Naghihiganti siya at nagagalit.

³ Matagal bago magalit si Yawe ngunit may malakas na kapangyarihan at di pinalalampas na walang parusa ang maysala.

Naglalakad siya sa gitna ng bagyo at ipuipo, at mga ulap ang alabok sa kanyang mga paa.

⁴ Pinagsabihan niya ang dagat at natuyo ito. Lupaypay ang Basan at Karmel at nalalanta ang bulaklak ng Lebanon.

⁵ Sa harap niya'y yumayanig ang mga bundok,

natutunaw ang mga burol,
lumilindol ang lupa, ang sanlibutan
at lahat ng nabubuhay rito.

⁶ Sino'ng makahaharap sa kanyang galit?

Sino'ng makatatagal sa kanyang nag-aapoy na poot?

Parang apoy na kumakalat ang kanyang galit,

at nabibiyak ang mga bato sa harap niya.

⁷ Mabuti si Yawe sa mga umaasa sa kanya, siya ay kanlungan sa araw ng ligalig.

Kilala niya ang mga umaasa sa kanya,

⁸ at sinasagip sila sa baha.

Ngunit pinupuksa niya ang mga nag-aalsa, inuusig ang kanyang mga kaaway hanggang sa dilim.

^{9c} Di dalawang beses mangyayari ang kapa-hamakan.

⁹ Ano'ng pakana ninyo laban kay Yawe?

Siya nga ang pumupuksa.

^{2b} Naghihiganti si Yawe sa kanyang mga kaaway

at nagagalit sa kanyang mga kalaban.

¹⁰ Mga tinik na pulu-pulupot man sila, ganap na matutupok pa rin gaya ng tuyong dayami,

¹¹ hanggang lumabas mula sa kanila ang nagbabalak ng masama laban kay Yawe.

¹² Kaya sinasabi ni Yawe kay Juda: "Malakas man sila at marami, malilipol sila at mapapawi. Kung hinamak man kita, di na kita hahamakin pang muli. ¹³ At ngayo'y wawasakin ko ang kanilang pamatok sa iyo at lalagutin ang iyong mga kadena."

• **1.1** Inilalahad ng panimulang awit na ito ang pinakasentrong paksa ng propesiya ni Nahum: pinahalagahan ng Panginoon na siya lamang ang kilalang Diyos sa sangkalupaan: sa lahat ng nangyayari sa sangkalikasan, at higit sa lahat, sa kanyang katapatan sa kanyang mga kaibigan.

Taglay ang pananalig sa salita ng Panginoon, ipi-

nopropesiya ni Nahum sa isang nakakikilabot na tula ang pagkawasak ng Ninive sa bawat eksena nito, na sumasagisag sa paglaya mula sa lahat ng pang-aalipin.

Sa pamamagitan ni Nahum, sinasang-ayunan ng Biblia ang kaligayahan ng maliliit na bayan. Ang kaligayahan hatid ng pagkawasak ng makapangyarihang bumale-wala sa kanilang karapatan at nakapangyari dahil sa pananakot.

¹⁴Pero narito ang utos ni Yawe sa hari ng Ninive: “Wala nang inapong magtataglay ng iyong pangalan; papawiin ko sa iyong templo ang mga inukit na rebulto at pinanday na mga estatwa, at gagawin kong bagay na kahiya-hiya ang iyong libingan.

2 ¹Tingnan, dumarating sa kabundukan ang mga paang may hatid ng mabuting balita,

ang nagpapahayag ng kapayapaan.
Juda, ipagdiwang ang iyong mga piyesta at tuparin ang iyong mga panata!
Sapagkat di ka na babalikan ng di-maka-diyos:

ganap na siyang napuksa.

³Sapagkat ibinalik ni Yawe ang luwalhati ni Jacob,

siyang ipinagmamalaki ng Israel.

Winasak na nga sila ng mga tagapagwasak at pinuksa ang kanilang mga sanga.

Tungkol sa wakas ng Ninive

²Guwardiyahan ang pader, bantayan ang daan at humanda sa pagsalakay,

sapagkat nilulusob ka ng tagapagwasak.

⁴Mapula ang kalasag ng kanyang mga sundalo, damit-maharlika ang kanyang mga mandirigma.

Kumikislap ang bakal sa mga karwahe, nakahanay na, handa sa labanan; nagtakip ng mukha ang mga mangangabayo.

⁵Sumasalakay ang mga karwahe sa mga lansangan,

paroo't paritong sumusugod sa mga liwasan, parang naglalagablab na mga sulo, parang kumikislap na kidlat.

⁶Tinatawag ng hari ang kanyang mga pinuno ngunit natitisod sa kanilang pagtakbo, patakpong sumusugod sa pader ng lunsod at inilalagay ang tanggulan sa muog.

⁷Nawawasak ang mga dike sa mga ilog at bumabagsak din ang palasyo.

⁸Inagaw ang diyosa at ipinatapon; nananaghoy na parang mga kalapati ang kanyang mga babaeng lingkod, at dinadagukan ang kanilang mga dibdib.

⁹Parang tangke ng tubig ang Ninive pero tumatagas ang tubig nito, tumatakas na lahat.

“Tigil na, tigil!” pero walang bumabalik.

¹⁰“Nakawin ang pilak, sairin ang ginto!”

pagkat walang pagkaubos ang kayamanan, buntun-bunton nga ng mamahaling mga bagay.

¹¹Wasak, tiwangwang at ninakawan!

Nanghihina ang puso at nangangatog ang mga tuhod,

nanginginig ang katawan ng lahat, namumutla ang mga mukha.

¹²Nasaan na ngayon ang yungib ng mga leon,

ang lungga ng kanilang mga anak, na pinagdadalhan nila sa kanilang mga biktima,

at walang anumang kinatatakutan?

¹³Naninila ang leon para sa mga anak nito at nanlalapa para sa kanyang kapareha; pinupuno niya ng mga biktima ang kanyang lungga,

ng nilapang karne ang kanyang yungib.

¹⁴Ngunit laban ako sa iyo, wika ni Yawe ng mga Hukbo, gagawin kong abo ang iyong mga karwahe, at lalamunin ng tabak ang mga bata mong leon.

Wawakasan ko ang iyong mga pangungulimbat,

at di na maririnig pa ang tinig ng iyong mga tagapagbalita.

Siyudad ng dugo

3 ¹Kawawang siyudad ng dugo na punung-puno ng kasinungalingan, ng pangungulimbat, at walang-tigil na pagnanakaw. ²Ang hagupit ng latigo, ang ingay ng mga gulong, mga kabayong mabilis na tumatakbo, mga karwaheng sumusugod, ³mga mangangabayong sumasalakay, mga tabak na kumikislap, mga sibat na kumikinang, napakaraming sugatan, bunton ng mga patay, di mabilang na mga katawan, natitisod ang bayan sa mga bangkay.

⁴Ganito babayaran ng babaeng bayaran ang marami niyang pagpapabayad sa lalaki, kabigha-bighani at reyna ng pangkukulam. Inalipin niya ang mga bayan sa kanyang mga pagpapabayad sa lalaki at ang mga bansa sa kanyang pangkukulam.

⁵Narito ako laban sa iyo, salita ni Yawe ng mga Hukbo, ilililis ko ang saya mo hanggang sa iyong mukha;

ipakikita sa mga bansa ang iyong kahubaran
at sa mga kaharian ang iyong kahihayan.

⁶Hahagisan kita ng mga dumi,
hahamakin kita at gagawing isang palabas
⁷at lalayuan ka ng lahat ng makakita sa iyo.
Sasabihin nila: Guho na ang Ninive,
sino ang magluluksa sa kanya?

Saan makakakita ng aaliw sa kanya?
⁸Mas magaling ka kaya kaysa No-Amon,
ang siyudad na nakaluklok sa gitna ng mga
ilog,

nalilibot ng mga tubig,
at dagat ang pinakapader sa harap?
⁹Ipinagtanggol siya ng Etiopia at Ehipto,
walang hanggan ang kanilang lakas;
sinaklolohan siya ng Put at Libya.

¹⁰Ngunit nabihag pa rin siya at ipinatapon;
Ipinaghahampas ang kanyang mga sanggol
sa kanto ng bawat daan.

Pinagpalabunutan ang mga kilala sa kanya,
at ikinadena ang lahat niyang dakilang tao.

¹¹Malalasing ka rin, tatakas at magtatago,
at maghahanap ng kublihan mula sa kaaway.

¹²Parang mga punong-igos ang iyong mga
muog,
na may unang hinog na bunga;
sa oras na yugyugin, nalalaglag sa bibig ng
kakain.

¹³Tingnan mo ang iyong mga mamamayan,
para silang mga babae sa piling mo;
bukas na ang mga pinto ng iyong bayan sa
iyong mga kaaway,

tinupok na ng apoy ang iyong mga panara.

¹⁴Umigib ng tubig para sa pangungubkob,
patatagin ang iyong mga tanggulan!

Lamasin ang putik at apakan ang hinalong
putik,
kunin ang hulmahan sa paggawa ng mga tisa.

¹⁵Lalamunin ka roon ng apoy,
pupuksain ng tabak
kahit na isa kang bayang sindami ng mga
kulisap,
di mabilang gaya ng mga balang.

¹⁶Pinarami mo ang iyong mga negos-
yante,

marami pa kaysa mga bituin sa langit,

¹⁷Parang mga balang ang iyong mga
bantay,

at parang kuyog ng mga kulisap ang
iyong mga opisyal

na dumadapo sa mga dingding sa araw
na malamig.

Lumalabas ang araw at umaalis ang
mga ito,

^{15c}nangangalat ang mga kulisap at lu-
milipad,

at walang nakaaalam kung saan.

¹⁸Tulog ang iyong mga pastol, O hari
ng Asur!

Natulog din ang mga kapitan mo,
nangalat ang bayan mo sa kabundu-
kan,

at walang titipon sa kanila.

¹⁹Wala nang remedyo ang iyong sugat,
hindi na gagaling ang iyong kapansa-
nan.

Lahat ay pumapalalpak
pagkarinig nila sa iyong pagbagsak,
dahil sino nga ba ang di dumanas ng
walang hanggan mong kalupitan?

HABAKUK



Si Propeta Habakuk ang unang nangahas na papanagutin ang Diyos. Maraming dantaon nang ipinangangaral ng pananampalataya na naggagawad nga ng katarungan si Yawe. Pero hindi laging malinaw ang katarungang ito. Matapos ang pagsasawalang-imik ng marami tungkol sa kanilang mga duda, si Habakuk ang unang manunulat sa Biblia na malakas ang loob na nagtatanong: Bakit pinababayaan ni Yawe na magtagumpay ang pang-aapi? Pinarurusahan nga niya ang nang-aapi, pero di ba't pinapalitan din naman niya ng ibang mas masahol pa?

Doble ang sagot dito:

– Iniingatan ni Yawe ang sekreto ng paraan ng kanyang paghahari sa daigdig at ang hinihingi lamang niya ay manatili tayong tapat: *mabubuhay ang matuwid dahil sa kanyang katapatan.*

– Pinagmamasdan ng propeta ang Luwalhati ni Yawe na siyang maghuhukom sa katapusan.

Mga taong 605-600 nang bigkasin ni Habakuk ang kanyang mga propesiya habang patuloy na nagiging makapangyarihan si Nabucodonosor at nangungulimbat sa Israel matapos wasakin ang malupit na Asiria.

Bakit mo ipinakikita sa akin ang kawalang-katarungan?

1 • ¹Ito ang mga salita at pangitain ni Habakuk, ang propeta: ²Yawe, hanggang kailan ako pasasaklolo at hindi mo pakikinggan? Nagsusumbong ng karahasan at di ka nagliligtas.

³Bakit mo ipinakikita sa akin ang kawalang-katarungan at dapat kong masakihan ang pang-aapi? Karahasan lamang at pangangamkam ang nasa harap ko, pag-aaway at pagtatalo.

⁴Walang magawa ang Batas at wala nang hatol na makatarungan. Dinadaig ng masama ang matuwid at walang nakikita kundi baluktot na katwiran.

Unang sagot

⁵Magmasid kayo at tumingin, mga taksil; mamangha at manggilalas pagkat gagawa ako sa inyong panahon ng di ninyo mapaniniwalaan, sabihin man sa inyo.

⁶Ibabangon ko ang mga Kaldeo, ang nakatatakat at mababalasik na bayang nanalakay sa dulo ng daigdig para kamkamin ang mga lupain ng iba. ⁷Kakila-kilabot at mapanganib na mga taong walang ibang batas kundi sariling kaloo-ban. ⁸Mas matulin pa kaysa leopardo ang kanilang mga kabayo, mas mabangis pa sila kaysa mga asong-gubat. Dumarating na galing sa malayo at parang agilang nandadagit ng biktima ang mga mangangabayo.

⁹Parang hanging-disyerto ang kanilang pagsalakay at sindami ng buhangin ang dinadakit nilang bihag. ¹⁰Ginagawa nilang katawatawa ang mga hari at nililibak nila ang mga

• **1.1** Dalawang reklamo ng propeta at dalawang sagot ng Diyos:

– 1:1-4. Unang reklamo: Bakit napakaraming kasamaan sa Juda?

– 1:5-11. Baligtad na sagot ng Diyos: Hindi magtagal at ibabalik ng mga Kaldeo ang kaayusan sa pamamagitan ng paglusob nila at pangungulimbat ng lahat.

– 1:12-16. Ikalawang reklamo: Bakit gumagamit si Yawe ng ganitong mga paraan gaya ng pananakop ng mga Kaldeo para isakatuparan ang kanyang katarungan?

– 2:1-4. Sagot ni Yawe: Mapatutunayan balang araw na hindi pareho ang trato sa mabuti at sa masama. Maliligtas ang nananatiling tapat.

pinuno. Pinagtatawanan nila ang mga kuta; nagtatayo nga sila ng pader at sinasakop ito.
¹¹ Dumarating sila at umaalis na parang hangin. Lakas nila ang kanilang diyos.

Ikalawang reklamo ng propeta

¹² At hindi ka ba buhat sa simula, O Yaweng aking Diyos na Banal na hindi mamamatay? Itinatag mo ang bansang ito upang isagawa ang iyong katarungan at pinatatag silang tulad ng bato upang isakatuparan ang iyong parusa.

¹³ Yawe, napakalinis ng mga mata mo para tumingin sa kasamaan at masdan ang pang-aapi. Ngunit ba't mo natitiis na tingnan ang taksil at tumingin habang nilalamon ng masama ang mas mabuti sa kanya?

¹⁴ Tinatrato mo ang mga tao na parang isda sa dagat, parang gumagapang na hayop na di pinakikialaman ninuman. ¹⁵ Binibingwit ng mga ito ang lahat at hinahatak ng lambat. ¹⁶ At saka galak na galak at tuwang-tuwa silang naghandog at nagsusunog ng insenso sa kanilang lambat dahil ito ang nagbibigay sa kanila ng masaganang pagkain. ¹⁷ Magpapatuloy ba sila sa pag-aalis ng laman ng kanilang lambat at walang awang pagpatay sa mga bansa?

Ikalawang sagot: Mabubuhay ang matuwid sa kanyang katapatan

2 • ¹ Tatayo ako sa aking bantayan, at pupuwesto sa aking tanggulan, para makita kung ano ang sinasabi niya at kung ano ang sagot sa aking pagtatanong.

² Sumagot nga si Yawe at sinabi niya: Isulat mo ang pangitain,

isulat sa mga tapyas na bato para madingaling mabasa.

• **2.1** Mahiwaga pa rin ang mga sagot ng Diyos. Saka lamang maliwanag na ipaaalam ng Diyos kung paano niya ginagantimpalaan sa kabilang-buhay ang mga matuwid. Pero bago sumapit ang sandaling iyon, mahirap liwanagin ang misteryong ito: waring ang lahat ay pare-parehong naaapektuhan ng mga kapahamakang ipinahayag bilang parusa ng Diyos. Pagkatapos ni Habakuk, ganito rin ang itatanong ni Jeremias (Jer 12: 1); sisikapin namang patotohanan ni Ezekiel sa harap ng kanyang mga kasamahang di makapaniwala, na ukol sa bawat isa ang katarungan ni Yawe (Ez 18); hahanapin ng Aklat ni Job ang sagot, pero hindi ang buong sagot ang ibibigay dito.

• 6. Ipinagpapauna ni Habakuk ang kapalaran ng

³ Sapagkat ito'y pangitain para sa isang takdang panahon. Tiyak na matutupad ito, at di mabibigo. Hintayin ito kapag nabalam sapagkat tiyak na darating at di ipagpapaliban.

⁴ Hinding-hindi magkakapit ng aking pagpapala ang palalo, ngunit mabubuhay ang matuwid dahil sa kanyang katapatan.

⁵ Laging nananagpang ang manlulupig. Pinaluluwang niya ang kanyang bibig gaya ng lugar ng mga patay, walang kabusugang tulad ng kamatayan. Kinakamkam niya ang lahat ng bansa at kinakanya ang lahat ng bayan.

⁶ Ngunit hindi kaya siya lilibakin ng lahat ng bayan at pagtatawanan sa pag-awit? Sasabihin nila:

Laban sa maniniil

• Kawawa ang nangangamkam ng hindi kanya at nang-iilit ng mga sanla. ⁷ Biglang darating ang mga pinagkakautangan mo,

magiging ang mga maniningil at sasamsamin ang lahat mong ari-arian.

⁸ Pagkat nangulimbat ka sa maraming bansa, nagpadanak ng dugo at winasak ang mga lupain, ang kanilang mga siyudad at mga tagaroon, babaling din sa iyo lahat ng nalabing bansa.

⁹ Kawawa ang nagtatayo ng bahay sa nakaw na tubo, at naglalagay ng kanyang pugad sa itaas sa pag-aakalang matatakas kanyang niya ang kapahamakan.

¹⁰ Kinusa mo ang kahihiyang ng sariling sambahayan, ikaw ang pupuksa sa iyong sarili. ¹¹ Mismong mga bato ng pader mo

manlulupig na pansamantalang mananakot sa daigdig. Agad namang isinusunod ang limang sumpa laban sa Kaldeong nagtatagumpay:

– Ang unang tatlo: kinulimbat at pinagsamantalahan ng Kaldeo ang mga bayang di gaanong malakas at mayaman.

– Ang ikapat: hiniya sila ng Kaldeo, gaya ng sinumang lumalasing sa kanyang kapwa.

– Ang ikalima: sa kabila ng kanyang mga tagumpay, hindi makakamit ng Kaldeo ang pinakamahalaga, ang pagkakilala kay Yawe.

Ang matagumpay na pagpapahayag ni Yawe sa sumusunod na kabanata ay sinisimulan sa huling berso: *Buhay si Yawe sa kanyang banal na Templo. Manahimik sa harap niya ang sangkalupaan!*

ang sumisigaw at sumasagot naman buhat sa bubungan ang mga biga.

¹² Kawawa ang nagtatayo ng lunsod sa dugo at nagtatatag ng bayan sa krimen.
¹³ Di ba't niloob ni Yawe ng mga Hukbo na magtrabaho ang mga bayan para lamang sa apoy, at magpakapagod ang mga bansa para sa wala?

¹⁴ (Pagkat lalaganap sa lupa ang luwalhati ni Yawe gaya ng pagkapuno ng dagat.)

¹⁵ Kawawa ang nagpapainom sa kanyang mga kapwa hanggang sa malasing ang mga ito para makita silang hubad. ¹⁶ Kahihyan, hindi karangalan, ang tatamuhin mo. Maglalasing ka rin at maghuhubo. Pipihit ang baso sa kamay ni Yawe, at bubuhusan ng kahihyan ang iyong karangalan.

¹⁷ Babagsak sa iyo ang karahasang ginawa mo sa Lebanon at sasagpangin ka ng mga hayop pagkat pinatay mo ang mga tao, winasak ang lupain at ang mga lunsod niyon at nilipol ang lahat ng naroon.

¹⁸ Ano'ng silbi ng estatwa at bakit ito nililok ng eskultor? Bakit may mga imahen at madadayang sagot? Bakit sila pinananaligan ng mga gumagawa ng mga diyus-diyusang pipi? ¹⁹ Kawawa ang kumakausap sa isang pirasong kahoy: "Gumising ka," at sa isang piping bato: "Magbangon ka." Makasasagot ba iyon? Balot iyon ng ginto at pilak, at walang hininga sa loob.

²⁰ Ngunit buhay si Yawe sa kanyang banal na Templo. Manahimik sa harap niya ang sangkalupaan!

Panalangin ni Habakuk

3 • ¹ Panalangin ni Propeta Habakuk. Sa himig na panluksa.

² Yawe, narinig ko ang iyong katanyagan at humanga ako sa iyong gawa, O Yawe. Ipagpatuloy ito sa mga taon at ipaalam sa mga araw na ito. Alalahanin mo ang iyong awa sa gitna ng iyong galit.

³ Dumarating ang Diyos mula sa Teman, ang Banal mula sa Bundok Paran. Balot ng kanyang luwalhati ang langit, puno ng papuri sa kanya ang lupa.

⁴ Parang liwanag ng araw ang kanyang ningning, kumikislap ang sinag mula sa kanyang kamay, nagniningning sa nakatago niyang kapangyarihan.

⁵ Salot ang nasa unahan niya, peste naman ang kasunod niya.

⁶ Yumayanig ang lupa sa kanyang pagtingdig, nangangatal ang mga bansa sa kanyang pagtitig.

Nadudurog ang matatandang bundok, gumuguho ang matatandang gulod.

⁷ Nakita ko ang pagkabagabag ng mga tolda ng Kusan,

ang pagkaligalig ng mga kulandong ng Madian.

⁸ Galit ka ba sa mga ilog, Yawe, napopoot ka ba sa dagat kaya pinatakbo mo ang mga kabayo mo

at ang iyong mga karwaheng mahirap lupigin?

⁹ Inihanda mo ang iyong pana, at pinuno ng mga palaso.

Biniyak mo sa mga ilog ang lupa.

¹⁰ Namilipit ang mga bundok sa titig mo, dumaluhong ang baha, dumagundong ang kalaliman, nagngalit ang mga alon.

¹¹ Di nakagalaw ang araw at buwan sa kislap ng palaso mong nagliliparan at sa kidlat ng makinang mong sibat.

¹² Nilakad mo ang lupa sa galit, at tinapakan ang mga bansa sa poot.

¹³ Lumabas ka para iligtas ang iyong bayan at tubusin ang iyong pinahiran.

Dinurog mo ang ulo ng kasamaan at hinubaran mula ulo hanggang paa.

¹⁴ Tinuhog mo ng sibat ang kanyang mga mandirigma,

na dumating sa balak na pangalatin kami at malayang sagpangin ang sawimpalad.

¹⁵ Nilakad mong sakay ng mga kabayo ang dagat

at tinuntungan ang malalaking alon.

¹⁶ Narinig ko, at lumakas ang tibok ng aking puso,

• **3.1** Nananawagan ang propeta kay Yawe, nani-
nikluhod sa kanya na ipakita ang kanyang sarili. At
saka nito inilalarawan ang matagumpay niyang pagda-
ting sa pamamagitan ng isang serye ng mga matulaing
larawan na gumugunita sa mga pamamagitan niya
noon sa kasaysayan ng Israel: ang pagtawid sa Dagat

ng Mga Tambo, ang Sinai, ang tagumpay ni Debora.
Panatag kong hinihintay ang araw ng parusa:
tingnan ang Is 8:11. *At patuloy akong magbubunyi*
sa Diyos na aking Tagapagligtas: nasa Awit ni Maria
(Lc 1:47) ang mga salitang ito. Sa gitna ng krisis at
dalamhati, *naglalakad sa kaitaasan* ang matuwid.

nanginig ang aking mga labi, nabulok ang aking mga buto,

nanginig ang aking mga binti.

Ngunit hinihintay kong may pag-asa ang araw ng kapighatian, sa pagharap ng bayan ko sa sumasalakay sa amin.

¹⁷ Sapagkat hindi man mamulaklak ang mga igos,


at di mamunga ang mga ubas, magkulang man ang aning olibo,

wala mang anihin sa mga bukid, mawalan man ng tupa sa pastulan at ng baka sa kulungan,

¹⁸ gayunma'y kay Yawe ako magagalak, sa Diyos kong Tagapagligtas liligaya.

¹⁹ Si Yaweng Panginoon ang aking lakas, mga paa ko'y ginagawang simbilis ng usa, at pinalalakad ako sa kaitaasan.

Para sa punong mang-aawit, sa saliw ng dekuwerdas na mga panugtog.



Mga taong 630, binasag ng tinig ni Sofonias ang katahimikan pagkaraan ng pitumpung taong hindi naririnig ang salita ng Diyos. Mga taong 690 nang matapos ni Isaias ang kanyang misyon, at pagkatapos niyon, mahigit sa limampung taon ng pag-uusig sa ilalim ng paghahari ni Manases ang dinanas ng mga sumasampalatayang taga-Juda.

1 ¹ Narito ang salita ni Yawe na dumating kay Sofonias na anak ni Kusi, na anak ni Gedalias na anak ni Amarias na anak ni Ezekias, sa paghahari sa Juda ni Yosias na anak ni Amon.

² “Malapit ko nang alisin sa lupa ang lahat, sabi ni Yawe. ³ Aalisin ko ang mga tao at mga hayop, aalisin ko ang mga ibon sa langit at ang mga isda sa dagat (at ang kasamaan kasama ang masasama). Aalisin ko ang mga tao sa balat ng lupa – salita ni Yawe. ⁴ Luunat ko ang aking kamay laban sa Juda at sa mga nasa Jerusalem, at papawiin ko ang nalabing Baal maging ang mga pangalan ng mga paring pagano. ⁵ Papawiin ko ang mga yumuyuko sa mga terasa sa pagsamba sa hukbo ng mga bituin, at ang mga kapwa bumabanggit kina Yawe at Milkom, ⁶ at ang mga tumatalikod din kay Yawe na di humahanap at di sumasangguni sa kanya.

⁷ Tahimik! Parating na si Yaweng Panginoon; malapit na ang kanyang araw. Inihanda ni Yawe ang isang pag-aalay at ibinukod ang mga inanayayahan niya. ⁸ Sa araw ng pag-aalay ni Yawe, parurusahan ko ang mga pinuno, ang mga anak

ng hari at lahat ng nakademit na sunod sa banyagang moda. ⁹ Parurusahan ko ang mga lumulundag sa pintuan, at parurusahan din ang mga nagpupuno sa Bahay ng kanilang Panginoon ng dahas at pandaraya.

¹⁰ Sa araw na iyon, sabi ni Yawe, may sigawan sa Pintuan ng Mga Isda, may hiyawan sa bagong siyudad at nagkakaingay sa gawi ng mga burol.

¹¹ Managhoy kayo, mga tagalambak, sapagkat nilipol na ang pangkat ng mga negosyante, inalis ang lahat ng nagtitimbang ng pilak.

¹² Sa panahong iyon sisiyasatin ko ang Jerusalem nang may mga ilawan at parurusahan ko ang mga taong di magbabago na nag-iisip na: ‘Wala namang nagagawang mabuti o masama si Yawe.’ ¹³ Sasamsamin ang kanilang kayamanan, mawawasak ang kanilang mga bahay.

Makapagtayo man sila ng mga bahay, hindi naman nila titirhan ang mga iyon; at makapagtanim man sila ng mga ubas hindi naman nila maiinom ang alak.

Araw ng poot ang araw na iyon

• ¹⁴ Malapit na ang dakilang araw ni Yawe, malapit na, narito na.

Mapait ang ingay ng araw ni Yawe kaya sisigaw ang matapang.

¹⁵ Araw ng galit ang araw na iyon, araw ng pighati at hapis, araw ng pagkawasak at pangungulila, araw ng karimlan at kulimlim, araw ng ulop at ulap,

¹⁶ araw ng sigaw at tunog ng trumpeta laban sa mga napapaderang matataas na mga tore.

¹⁷ Ipapahamak ko ang mga taong maglala-kad na parang mga bulag (dahil sa pagkakasala nila kay Yawe), kakalat na parang alabok ang kanilang dugo at itatapong parang basura ang kanilang laman.

¹⁸ Walang pilak o gintong makapagliligtas sa kanila sa araw ng galit ni Yawe sa pagkatupok ng sangkalupaan sa apoy ng kanyang selos. Lilipulin nga niya nang kakila-kilabot ang lahat ng nasa sanlibutan.

2 ¹ Magtipon kayo, mga taong walang-hiya, ² bago kayo itaboy na parang dayami, bago sumapit sa inyo ang nagliliyab na poot ni Yawe, bago sumapit ang araw ng galit ni Yawe.

³ Hanapin ninyo si Yawe, lahat kayong hamak sa lupa, kayong nagsasagawa sa kanyang kautusan. Hanapin ang katarungan, hanapin ang kababaang-loob, at baka itago kayo sa araw ng galit ni Yawe.

⁴ Pababayaan ang Gaza, mawawasak ang Askalon, itaboy ang Asdod sa tanghaling-tapat, at bubunutin ang Ekron. ⁵ Kawawa ang mga taga-tabing-dagat, ang bayan ng mga Kereteo. Nagsalita nga si Yawe laban sa inyo: 'O Kanaan, lupain ng mga Pilisteo, wawasakin kita at hindi ka na pamamayanan.'

⁶ Magiging pastulan ang tabing-dagat, tirahan ng mga pastol at kulungan ng mga kawan.

⁷ Magiging pag-aari ito ng nalabi sa mga sambayanan ni Juda. Sa baybaying-dagat sila magpapatol at matutulog kung gabi sa mga bahay ng Askalon pagdalaw ni Yaweng kanilang Diyos at pag ibinalik niya ang itinapon sa kanila.

• **1.14** Inilalahad ni Sofonias ang araw ni Yawe bilang pananakot. Naniniwala ang mga Judio na nagiging pagpapalaya para sa bayan ang pagdating ni Yawe. Sa gayon, nakapagpapatuloy na mabuhay ang mga ito nang walang katarungan o pananampalataya.

⁸ Narinig ko ang pag-insulto ng Moab at ang mga paglailait ng mga Amonita. Sila ang umalipusta sa aking bayan at sumakop sa aking lupain. ⁹ Kaya saksi ang buhay ko – sabi ni Yawe ng mga Hukbo, Diyos ng Israel – matutulad ang Moab sa Sodom at ang mga Amonita naman sa Gomorra na isang lugar ng mga dawag, isang buntong asin, tiwangwang sa habang panahon. Sasamsaman sila ng nalabi sa aking bayan, at mamanahin ito ng mga natira sa aking bansa. ¹⁰ Sasapitin nila ito dahil sa kanilang kayabangan, nang insultuhin nila ang bayan ni Yawe ng mga Hukbo at sinakop ang kanyang lupain. ¹¹ Magiging kakila-kilabot sa kanila si Yawe kapag nilanta niya ang lahat ng diyos sa lupa at yumuko sa harap niya sa kani-kanilang lupain ang mga bansa sa lahat ng pulo.

¹² Nakaamba rin sa inyo, mga Etiope, ang banta ng aking tabak.

¹³ Iuunat niya ang kanyang kamay laban sa hilaga at lilipulin ang Asiria; at maiiwang tiwangwang ang Ninive, tigang na parang disyerto. ¹⁴ Mahihiga roon ang mga kawan, lahat ng klase ng hayop. Dadapo sa kanyang mga haligi maging ang kuwagong-ilang at kuwagong-abuhin, huhuni sa bintana ang kuwago at nasa may bundag naman ang uwak. Nabunot na nga ang sedro.

¹⁵ Ito ang masayang siyudad na matiwasay, na nag-akalang 'Ako lamang at ano pa ba?' Bakit bunton na lamang siya ng mga guho at taguan ng mga hayop? Pinagtatawanan siya at itinuturo ng mga dumaraan.

Laban sa Jerusalem

3 ¹ Kawawa ang rebelde at karumal-dumal, ang siyudad na nang-aapi! ² Binale-wala ang pagtawag, di tinanggap ang pangaral. Hindi nanalig kay Yawe, hindi lumapit sa kanyang Diyos. ³ Mga leong umuungol ang kanyang mga pinuno; mga asong-gubat ang kanyang mga hukom na walang itinitira sa kinabukasan. ⁴ Di-mapagkakatiwalaan ang kanyang mga propelang sinungaling, at nilalapastangan ng kanyang mga pari ang anumang banal at nilalabag ang batas.

⁵ Makatarungan naman si Yaweng nasa piling niya. Hindi siya gumagawa ng kasamaan, kundi itinuturo tuwing umaga ang dapat gawin; hinding-hindi siya nagpapabaya. Ngunit walanghiya ang masama.

Pero alam ng propeta na isasakatuparan ni Yawe ang sarili nitong mga plano. Hindi ang inaakala ng mga walang-pakialam ang pagliligtas ni Yawe, at magsisimula ito sa pagpuksa sa mga hindi pa nagbabagong-buhay.

⁶Pinawi ko ang mga bansa, giniba ang kanilang mga tore. Para nang disyerto ang kanilang mga daan at wala nang dumaraan. Wasak na ang kanilang mga lunsod at wala nang nanihirahan.

⁷Inisip ko: 'Kung matatakot ka lamang sa akin at tatanggap ng pangaral! Hindi mo na sana malilimot ang mga parusa ko sa iyo.' Ngunit maagang nabulok ang kanilang pamumuhay.

⁸Kayat hintayin ninyo ako, sabi ni Yawe, sa araw na magsakdal ako at maghukom din.

Titipunin ko ang mga bansa at mga kaharian para ibuhos sa kanila ang aking galit, ang buong lagablab ng aking poot, at tutupukin ng apoy ng aking galit ang sanlibutan.

⁹Sa panahong iyon, bibigyan ko ng mga bagong labing matapat ang mga bayan para tumawag silang lahat sa ngalan ni Yawe at sama-samang maglingkod sa kanya. ¹⁰Magdala ng handog sa akin ang mga sumasamba sa akin mula sa kabilang ibayo ng mga ilog ng Etiopia kasama ng bayan kong nakakalat.

Nasa piling ng mga hamak ang Diyos

• ¹¹Sa araw na iyon, hindi mo na ikahihiya ang lahat ng pagtataksil at mga pagkakasala mo sa akin; sapagkat aalisin ko sa piling mo ang mga masayang nagyayabang at di na muling magmamalaki sa aking banal na bundok.

¹²Iwan ko sa iyo ang isang bayang hamak at dukha na aasa sa ngalan ni Yawe – ang nalabi sa Israel

¹³Hindi sila gagawa ng kasamaan, wala nang kasinungalingan sa kanila at di na matatagpuan ang panlilinlang sa kanilang bibig. Kakain sila at magpapahinga rin, at walang manggugulo sa kanila.

¹⁴Magalak ka, Dalagang Sion; magsaya, O Israel. Magsaya ka't magalak nang buong puso, O Dalagang Jerusalem.

¹⁵Inalis nga ni Yawe ang hatol sa iyo, itinaboy ang iyong mga kaaway. Nasa piling mo si Yaweng Hari ng Israel, hindi mo na makikita ang kasawian.

¹⁶Sasabihin sa Jerusalem sa araw na iyon: Huwag kang matakot, Sion, huwag manginig ang iyong mga kamay.

• 11. Ito ang unang pangitain na naglalarawan sa bayan ng Diyos, *bayang hamak at dukha*.

Nag-iwan ng Labi sa Sion ang mga pagwasak sa Araw ni Yawe. Sa unang pagkakatao'y tinatawag na mga dukha ang mga naghihintay sa Diyos. Hindi ang pagiging dukha sa materyal na bagay ang unang binibigyang-diin dito kundi ang pagharap sa Diyos taglay ang saloobin ng mga walang-wala at handang tumanggap sa lahat ng sa Diyos. Dati'y *kasawian* ang ipinahihiwatig ng salitang *karukhaan*; pero ito ngayon ang magiging kundisyon sa paghahanap sa Diyos. Mula sa sandaling iyon, ang salitang "mga dukha ni Yawe" ay mangangahulugan na ng lahat ng nasa Israel na umaasang matatagpuan ang Diyos. Hanggang

ipahayag ng Ebanghelyo, lalo na ng ebanghelyo ni Lucas, ang kaligayahan ng mga dukha (tingnan ang Lc 6:20).

Mananahan si Yawe sa Jerusalem para ibahagi sa kanila ang kanyang kaligayahan. Biglang ipapakita ng Diyos na Banal na siya ay parang binatang umiibig, at bale-wala sa kanya ang sasabihin ng iba.

Sumigaw ka sa galak, O Dalagang Sion, huwag kang matakot sapagkat kapiling mo ang Panginoon. Sinasabi kay Maria ang parehong mga salita sa Ebanghelyo ni Lucas sa araw ng pagbabalita ng Anghel: "Matuwa ka, sumasaiyo ang Panginoon. Huwag kang matakot, Maria, dadalhin mo sa iyong sinapupunan ang Tagapagligtas" (Lc 1:28).

¹⁷Nasa piling mo si Yaweng iyong Diyos,
ang bayaning makapagliligtas.
Lulundag siya sa tuwa dahil sa iyo,
mamahalin ka niya nang panibago;
sisigaw siya sa galak dahil sa iyo,
at magdiriwang na parang piyesta.

¹⁸Ilalayo ko sa iyo ang pagbabanta,
ang kahihiyang pabigat sa iyo.

¹⁹Sa panahong iyon, lilipulin ko lahat ng
umaapi sa iyo.

Ililigtas ko ang pilay, at titipunin ang pina-
ngalat;

pupurihin ko sila at pararangalan
sa lahat ng lupaing sila'y hiniya.

²⁰Sa panahong iyon, magmamagandang-
loob ako sa inyo

kapag tinipon ko kayo.

Patatanyagin ko kayo at pupurihin

sa buong sangkatauhan,

kapag ibinalik ko ang mga itinapon sa
inyo.

Kayo mismo ang makakakita – sabi ni Yawe.



AGEO

Si Ageo ang nangunguna sa mga propeta pagkatapos ng Pagkatapon. Ipinahahayag ng tatlong propetang ito – sina Ageo, Zacarias at Malakias – ang salita ng Diyos sa isang ganap na bagong panahon. Inilantad at tinuligsa ng mga naunang propeta ang mga kasalanan ng Israel at ibinalita ang nalalapit na Paghuhukom. Pero ngayon, pagkatapos ng mga pagsubok sa pagkawasak ng Jerusalem at ng Pagkatapon sa Babilonia, kailangang itayong muli ng pamayanang Judio ang kanilang bansa. At dito hinihingi ng mga propeta na ang Templo muna ang dapat na itayong muli.

Tiyak na kailangan munang paglingkuran ng mga Judio ang Diyos, at gayon din para sa atin, bago hingin sa kanya na lutasin ang kanilang mga problema. Pero propetiko sa ibang kahulugan ang mensahe ni Ageo: sinisimulan nito ang isang bagong yugto sa Banal na Kasaysayan kung saan lalago at magbubunga ang sambayanang Judio mula sa pagiging tapat nito sa Batas at sa pagsamba. Ang Templo na ang Tahanan ng Diyos sa gitna ng kanyang bayan, pero kailangan pa rin nilang hintayin ang mahiwagang pagdating ng Diyos sa araw na dumaan siya para dalawin ang kanyang bayan.

Laban sa mga taong sariling bahay lamang ang iniisip

1 ¹Sa ikalawang taon ng paghahari ni Dario, sa unang araw ng ikaanim na buwan, dumating kay Propeta Ageo ang salita ni Yawe para bilinan si Zoro-

babel na anak ni Sealtiel, na siyang gobernador ng Juda, at si Josueng anak ni Yosadak, na Punong-pari.

²“Ito ang sinasabi ni Yawe ng mga Hukbo: Ipinapalagay ng bayang ito na hindi pa dumarating ang panahon para